

A cinematic still from a film. In the foreground, a man with a long beard and hair, wearing a simple, fringed brown robe and a dark belt, stands waist-deep in a river. He is gesturing with his right hand raised, as if speaking or preaching. On the sandy bank to his left, three men in white and black striped robes, wearing head coverings with black bands, listen intently. One of them has a beard and is looking towards the man in the water. In the background, a larger group of people in similar ancient-style clothing are gathered on the bank and in the water. The setting is a natural, outdoor environment with a large tree on the left and hills in the distance under a soft, golden light.

ANG KAHARIAN NG  
DIYOS AY NAGDURUSA  
NG KARAHASAN

ADRIAN EBENS



Adrian Ebens, Pebrero 2026  
Karapatang-ari © 2026, Adrian Ebens  
Maranathamedia.com

Ipinapahayag at pinangalagaan ang karapatang moral ng may-akda.

Lahat ng karapatan ay nakalaan. Walang anumang bahagi ng publikasyong ito ang maaaring kopyahin, paramihin, o gamitin para sa layuning pangkomersiyo, ni ipasa o ipamahagi sa anumang anyo sa pamamagitan ng anumang paraan, elektronikong, mekanikal, pag-photocopy, pagre rekord o iba pang paraan, nang walang paunang nakasulat na pahintulot mula sa tagapaglathala at sa mga may hawak ng karapatang-ari. Paalala, ang may akda ay gumamit ng makapal na titik sa ilang bahagi ng mga talata upang bigyang-diin ang isang tiyak na punto na makikita sa mga tekstong iyon.

Maliban kung may ibang nakasaad, ang mga sipi ng Banal na Kasulatan ay mula sa *New King James Version*. Karapatang-ari © 1982 ng Thomas Nelson, Inc. Ginamit nang may pahintulot. Ang mga sipi ng Banal na Kasulatan na may pagtukoy na KJV ay mula sa Banal na Bibliya, *King James Version*. Karapatang-ari © 1996, 2004, 2015 ng Tyndale House Foundation. Ginamit nang may pahintulot. Ang mga sipi ng Banal na Kasulatan na may pagtukoy na NLT ay mula sa Banal na Bibliya, *New Living Translation*. Karapatang-ari © 1996, 2004, 2015 ng Tyndale House Foundation. Ginamit nang may pahintulot. Ang mga sipi ng Banal na Kasulatan na may pagtukoy na YLT ay mula sa Banal na Bibliya, *Young's Literal Translation*, karapatang-ari © 1898, ni Robert Young, ang saling ito ay nasa pampublikong saklaw na ngayon. Ang transkripsiyong ito at ang lahat ng iba pang publikasyon ng Maranatha Media ay makukuha sa aming website [maranathamedia.com](http://maranathamedia.com) upang umorder ng karagdagang mga kopya, mangyaring magpadala ng email sa [adrian@maranathamedia.com](mailto:adrian@maranathamedia.com)

Ang transkrip na ito ay

Ipinresenta ni Adrian Ebens

Isinalin sa nakasulat na anyo at sinuri nina Adam Pearce at Lorelle Ebens

Disenyo ng pabalat ni Adrian Ebens

Ginamitan ng Palatino Linotype na titik, sukat 10.5/14

Inilimbag sa Australia

TRANSKRIP MULA SA  
PRESENTASYON NI ADRIAN EBENS  
PEBRERO 25, 2026

# ANG KAHARIAN NG DIYOS AY NAGDURUSA NG KARAHASAN

## **Pambungad na Panalangin:**

Mahal naming Ama sa langit, Isang kagalakan ang lumapit sa Iyo sa kalagitnaan ng sanlinggo at lumuhod sa harap Mo sa Espiritu ng ating Panginoong Hesus. Maraming salamat, Panginoong Hesus, sapagkat Ikaw ang daan patungo sa Ama. Inihaharap namin sa Iyo ang aming mga kahilingan para sa kalinawan at pang-unawa. Patuloy Mo kaming pagtibayin sa mga katotohanan ng Banal na Kasulatan, upang kami ay matatakan ng pangalan ng Ama, at upang kami ay manahan sa Iyo magpakailanman.

Ipinapanalangin ko ang lahat ng nakikinig at nawa'y pagpalain Mo sila. Lalo kong inaalala sa oras na ito si Franz Schubert, sa kanyang

bagong operasyong pinagdaanan. Inaalaala ko rin ang pamilya ni Lorraine Beddie. Bukas ay may libing kami, at sama-sama naming ipinapanalangin ang buong pamilya sa kanilang pagdadalamhati.

Gabayan Mo kami ngayon habang ginugugol namin ang oras na ito; sa pangalan ni Hesus, Amen.

### **Presentasyon:**

Ang presentasyong ito ay pinamagatang *Ang Kaharian ng Diyos ay Nagdurusa ng Karahasan*. Para sa inyo na mga mag-aaral ng Bibliya, alam ninyo na ito ay tumutukoy sa isang talata sa Banal na Kasulatan na ating tatalakayin sa bandang huli. Ngunit sa ngayon, tayo ay gagawa muna ng maikling pag-uulit ng ating mga napagdaanan, at maghahanda rin sa paksa tungkol sa Kaharian ng Diyos. Kawili-wili na sa simula ng Aklat ni Mateo, parehong si Juan Bautista at si Hesus ay nagsimulang mangaral na ang Kaharian ng Diyos ay malapit na. Ganito ang sinasabi,

Sa mga araw na iyon ay dumating si Juan Bautista na nangangaral sa ilang ng Judea, at sinasabi, “Magsisi kayo, sapagkat malapit na ang kaharian ng langit!” (Mateo 3:1–2)

“Malapit na” – ito ay nangangahulugang malapit na, papalapit na.

At si Hesus ay nangaral ng eksaktong kaparehong bagay:

Mula noon ay nagsimulang mangaral si Hesus at magsabi, “Magsisi kayo, sapagkat malapit na ang kaharian ng langit.” (Mateo 4:17)

Kaya titingnan natin ang ilan pang mga talata. Kawili-wili na sa kaparehong kabanata, sa Mateo 4:23, sinasabi,

At si Hesus ay lumibot sa buong Galilea, na nagtuturo sa kanilang mga sinagoga at **nangangaral ng ebanghelyo ng kaharian**,...

Kaya ang ebanghelyo ng kaharian, ang mabuting balita ng kaharian, ay nangangahulugan na ang kaharian mismo ang mabuting balita kung ano ang kahariang iyon.

...at pinagagaling ang lahat ng uri ng karamdaman at lahat ng uri ng sakit sa mga tao. (Mateo 4:23)

Naglagay ako rito ng isang puna na ang pagpapagaling ng mga karamdaman at mga sakit ay hindi lamang para sa katawan, kundi maging sa ating isipan. At siyempre, ang mga sakit na nararanasan natin sa ating katawan ay nag-uugat din sa mga sakit na nasa ating isipan, mula sa maling pagkaunawa natin tungkol sa Diyos, sa buhay, at sa kung paano dapat mamuhay. At maaalala ninyo na sa ating nakaraang presentasyon, nagsalita si Hesus tungkol sa kaharian,

“hindi rin nila sasabihin, ‘Narito!’ o ‘Naroon!’ Sapagkat ang kaharian ng Diyos ay nasa loob ninyo.” (Lucas 17:21)

Ito ay isang kaharian ng karakter. At ang mabuting balita, o ang ebanghelyo ng kaharian, ay ang pangangaral tungkol sa karakter, ang mapagmahal na karakter ng ating Ama. Tunay na ito ay mabuting balita. Dapat itong magbunga ng pagsisisi sa atin bilang mga tao, sapagkat tayo ay namuhay sa ilalim ng ibang kaharian at namuhay ayon sa ibang sistema ng katarungan at pagpaparusa. Kaya kapag dumarating ang kaharian ng Diyos, kinakailangan ang isang proseso ng pagsisisi. Sinasabi natin, “Nabuhay pala tayo sa ganap na maling paraan. Kailangan nating pagsisihan ang ating paraan ng pag-iisip at pumasok sa kahariang ito.” Kaya ang kaharian mismo ay isang kaharian ng karakter, at ang karakter na iyon ay ang karakter ng ating Ama. At ang karakter na iyon ang siyang ebanghelyo.

Kawili-wili na habang ako ay nag-aaral ng Banal na Kasulatan, napansin ko na sa unang bahagi ng Aklat ni Marcos, nang nais ni Hesus na ipaliwanag sa kanila ang tungkol sa kaharian ng langit, pansinin ninyo ang Kanyang sinabi sa Marcos 4:30

At sinabi Niya, **“Sa ano natin maihahambing ang kaharian ng Diyos? O anong talinghaga ang maaari nating gamitin upang ilarawan ito?”** (Marcos 4:30)

At ganito ang sinabi ni Ellen White,

“Sa ano” natin maihahambing ang kaharian ng Diyos? O anong paghahambing ang maaari nating gamitin upang ilarawan ito? ang tanong ni Kristo. Marcos 4:30. Hindi Niya maaaring gamitin bilang paghahambing ang mga kaharian ng sanlibutang ito.

At masasabi natin, oo, totoo iyan. Hindi Niya maaaring gamitin ang Babilonia, Medo-Persia, Gresya, o Roma bilang paghahambing. Ngunit mas malalim pa ang kahulugan nito, sapagkat sinabi niya,

**Sa lipunan ay wala Siyang natagpuang anumang maihahambing dito.** (*Acts of the Apostles*, p. 12.2)

Pinatutunayan nito ang sinabi natin sa ating nakaraang presentasyon, kung ang Israel ay tunay na namumuhay sa kaharian ng Diyos, maaari sanang gamitin ni Hesus ang kanilang lipunan bilang paglalarawan ng kaharian ng Diyos. Ngunit wala Siyang anumang maihahambing dito, sapagkat hindi nauunawaan ng Israel ang karakter ng Diyos. Dahil dito, hindi rin nila naunawaan ang ebanghelyo. Kaya wala Siyang makuhang paghahambingan mula sa lipunan. Sa halip, gumamit Siya ng mga halimbawa mula sa kalikasan at sa mga bagay na nilikha Niya at ng Kanyang Ama upang ilarawan kung ano ang kaharian ng Diyos. Kaya para sa akin, ito ay tunay na kawili-wili.

At pansinin ninyo ang sinasabi rito na ang Israel, sa katunayan, ay naligaw sa pag-unawa. At muli, sa Mateo 10, sinabi ni Hesus, o ganito ang sinasabi tungkol kay Hesus,

Ang labindalawang ito ay isinugo ni Hesus, at sila’y Kanyang inutusan, na sinasabi: “Huwag kayong pumunta sa mga daan ng

mga Hentil, at huwag kayong pumasok sa alinmang lungsod ng mga Samaritano. **Sa halip, pumunta kayo sa mga naliligaw na tupa ng sambahayan ng Israel.**

Ipinapakita nito sa atin na ang mga nasa Israel ay naligaw. Sila ay mga tupang naligaw, at sila ay naligaw sapagkat hindi nila naunawaan ang karakter ng Diyos.

At sa inyong paglalakad, mangaral kayo na sinasabi, '**Malapit na ang kaharian ng langit.**' [Ito ay malapit na, papalapit na.] Pagalingin ninyo ang mga may sakit, linisin ang mga ketongin, buhayin ang mga patay, at palayasin ang mga demonyo. Tanggapin ninyo nang walang bayad, kaya magbigay din kayo nang walang bayad. (Mateo 10:5-8)

Palayasin ninyo ang demonyo ng maling katarungan, at buhayin ang mga patay sa pagsuway at mga kasalanan. Hindi lamang ito tumutukoy sa mga bagay na pisikal, kundi higit sa lahat ay sa mga espirituwal na bagay. Pagalingin ninyo ang mga may sakit sa kanilang isipan at pag-unawa, ang mga may sakit dahil sa pagmamataas, inggit, at pagkamakasarily. Sila ay tila puno ng ketong ng pagkamakasarily at kasalanan. Linisin ninyo ang lumang masa kasama ang lebadura nito, ang lebadura ng kasamaan at kasamaan ng loob, gaya ng sinasabi ni Pablo sa 1 Corinto 5:8. Kaya nga, ang Israel ay naligaw sa kanilang pag-unawa.

At siyempre, tayo ay pumunta sa aklat ni Isaias kung saan sinasabi,

**Tayong lahat ay gaya ng mga tupa na naligaw,** bawat isa ay lumihis sa kanyang sariling daan. At ipinasan ni Jehova sa Kanya ang parusa para sa ating lahat. (Isaias 53:6, YLT)

Gaya ng ating natalakay sa aklat na *At-one-ment* at sa iba pang mga bahagi, ang parusa para sa ating lahat ay ang parusang ipinapataw natin kay Kristo. Ito ang dahilan kung bakit tayo ay naliligaw na gaya ng mga tupa, sapagkat mali ang ating pagkaunawa sa karakter ng

Diyos dahil sa pagtanggap natin sa huwad na sistema ng katarungan ni Satanas. Gaya ng mababasa natin sa *The Desire of Ages*, pahina 761, talata 4, “bawat kasalanan ay dapat parusahan,” ang pahayag ni Satanas.”

Muli, ating binabasa ang malulungkot na mga salita,

Siya ay nasa sanlibutan, at ang sanlibutan ay nilikha sa pamamagitan Niya, **ngunit hindi Siya nakilala ng sanlibutan.** [Ngunit hindi lamang Siya hindi nakilala ng sanlibutan, kundi tulad ng sinasabi rito,] **Siya ay naparito sa Kanyang sariling bayan** [ang mga tumanggap ng mga orakulo, ang mga tumanggap ng Torah], **ngunit Siya ay hindi tinanggap ng Kanyang sariling bayan.** (Juan 1:10–11)

Hindi nila Siya nakilala. Hindi Siya ayon sa kanilang inaasahan. Mali ang kanilang pagkaunawa. Kaya hindi maaaring ituro ni Hesus ang Israel bilang halimbawa ng kaharian ng Diyos, sapagkat hindi ito tunay na halimbawa ng kaharian ng Diyos. Bagama’t taglay nito ang maraming bahagi ng Torah, ang paraan ng pagkakaayos at pag-unawa nila rito ay hindi ang kaharian ng Diyos. Kaya’t ating natatandaan na sinabi ni Hesus na ang Kanyang kaharian ay hindi sa sanlibutang ito, na nangangahulugan na malinaw na ang Israel, na nasa sanlibutan, ay hindi pa rin nagpapakita ng Kanyang kaharian.

Sumagot si Hesus, “**Ang Aking kaharian ay hindi sa sanlibutang ito.** Kung ang Aking kaharian ay sa sanlibutang ito, ang Aking mga lingkod ay makikipaglaban sana upang hindi Ako maibigay sa mga Judio; **ngunit ngayon, ang Aking kaharian ay hindi nagmumula rito.**” (Juan 18:36)

Nangangahulugan ito na walang pakikipaglaban gamit ang mga pisikal na sandata sa kaharian ni Kristo.

Ngunit sinabi ni Hesus sa kanya, “Ibalik mo ang iyong tabak sa

kanyang **kinalalagyan, sapagkat ang lahat ng humahawak ng tabak ay mamamatay sa tabak.** O inaakala mo ba na hindi Ko maaaring idalangin ngayon sa Aking Ama, at Siya ay magbibigay sa Akin ng higit sa labindalawang hukbo ng mga anghel?" (Mateo 26:52–53)

Ito ay dalawang napakahalagang talata para sa Father of Love Movement. Hindi natin dapat kalimutan na ang mga lingkod ng Diyos ay hindi nakikipaglaban gamit ang mga pisikal na sandata. Gaya ng sinasabi ni Pablo,

Sapagkat ang mga sandata ng ating pakikidigma *ay* hindi makalaman, kundi makapangyarihan sa pamamagitan ng Diyos sa pagbuwag ng mga muog; (2 Corinto 10:4, KJV)

Kaya't tayo ay nagpapatuloy. Muli, ito ay isang napakahalagang talata para sa atin. At pinagtitibay natin ang prinsipyong ang kaharian mismo ay hindi naipakita nang ayon sa nararapat hanggang sa pagdating ni Kristo. At alam natin ang talatang ito mula sa *The Desire of Ages*, pahina 22.

Ang lupa ay napalilibutan ng kadiliman dahil sa maling pagkaunawa sa Diyos. Upang mapaliwanag ang madidilim na anino, at upang maibalik ang sanlibutan sa Diyos, **kailangang wasakin ang mapanlinlang na kapangyarihan ni Satanas.** Hindi ito maaaring gawin sa pamamagitan ng dahas.

Ito ay isang mahalagang punto. Walang anumang dahas ang maaaring gamitin.

**Ang paggamit ng dahas ay salungat sa mga prinsipyo ng pamahalaan ng Diyos;** ang Kanyang nais lamang ay ang paglilingkod na nagmumula sa pag-ibig; at ang pag-ibig ay hindi maaaring ipag-utos;...

Hindi maaaring sabihin ng Diyos, susunod ka sa Akin o lilipulin kita.

Hindi ito ang kaharian ng Diyos. Gayunman, marami sa mga propeta noong nakaraan ang naghayag ng mga bagay sa ganitong wika: “Magsisi o mamamatay!” Hindi nito tunay na inilalarawan ang kaharian ng Diyos, lalo na sa kontekstong iyon. Ito ay isang lumang sisidlan ng alak.

**...hindi ito maaaring mapagtagumpayan sa pamamagitan ng dahas o kapangyarihan.**

Ang pagpapakita ng Diyos ng Kanyang kapangyarihan, ang paglalantad ng Kanyang lakas na tila ipinapakita na kung hindi tayo magpapasakop ay hindi tayo mapapabuti, ay hindi bahagi ng kaharian ng Diyos.

Sa pamamagitan lamang ng pag-ibig nagigising ang pag-ibig. Ang makilala ang Diyos ay ang umibig sa Kanya; **ang Kanyang karakter ay dapat maipakita sa kaibahan ng karakter ni Satanas.**

Kaya nga, sa pamamagitan ng simpleng paglalagom at lohika: kung ang karakter ng Diyos ay kabaligtaran ng kay Satanas, kung gayon ay walang anumang katangian sa Diyos na katulad ni Satanas. At dahil alam natin na si Satanas ay pumapatay ng tao, malinaw sa kahulugan nito na ang Diyos ay hindi pumapatay. Sa halip, Siya ay namumuhay ayon sa Kanyang sariling mga utos, na nagsasabing “Huwag kang papatay.” At pagkatapos ay sinasabi,

**Ang gawaing ito ay tanging isang Nilalang lamang sa buong sansinukob ang makagagawa.**

Hindi ito nagawa ni Noe. Hindi ito nagawa ni Abraham. Ni si Moises ay hindi ito nagawa. Tanging iisang Nilalang lamang sa buong sansinukob ang makagagawa nito,

Tanging Siya lamang na nakakaalam ng taas at lalim ng pag-ibig ng Diyos ang makapagpapakilala nito. Sa madilim na gabi ng sanlibutan, ang Araw ng Katuwiran ay kailangang sumikat, “na

may **kagalingan sa Kanyang mga pakpak.**" Malakias 4:2. (*The Desire of Ages*, p. 22.1)

Dito natin makikita na ang kagalingan sa Kanyang mga pakpak ay ang paggaling ng isipan tungo sa tunay na pagkaunawa sa karakter ng Diyos. Tanging iisang Nilalang lamang sa buong sansinukob ang makagagawa ng gawaing ito. Wala nang iba pa. Siyempre, si Kristo, sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu, ay kumikilos na sa Lumang Tipan. Dahil dito, may mga pagkakataon ang mga tao noong panahong iyon na maunawaan ang katotohanan tungkol sa karakter ng Diyos. Ngunit sa malaking bahagi, ito ay nanatiling nakatago hanggang sa si Kristo ay nahayag sa laman.

Muli, isa na namang mahalagang sipi ito, na bahagi ay matatagpuan sa website ng Maranatha Media. Ito ay isa na namang mahalagang talata para sa atin.

Ang kadiliman ng maling pagkaunawa sa Diyos ang bumabalot sa sanlibutan. **Nawawala sa mga tao ang kanilang kaalaman sa Kanyang karakter.**

At maaari nating itanong, tunay nga bang nakilala na ng mga tao ang Kanyang karakter?

**Ito ay nagkaroon ng maling pagkaunawa at maling pagpapakahulugan. Sa panahong ito [at ang tinutukoy niya ay ang mga huling araw], isang mensahe mula sa Diyos ang kailangang ipahayag, isang mensaheng nagliliwanag sa impluwensiya at nagliligtas sa kapangyarihan nito. Ang Kanyang karakter ay dapat maipakilala.**

At alam ko na marami sa inyo na nakikinig ang makapagpapatunay na ito rin ang ating naging karanasan, na tayo ay naliwanagan ng katotohanan tungkol sa karakter ng Diyos. Ipinagkaloob Niya sa atin na makilala ang katarungan ng Diyos, ang awa ng Diyos, at ang kagandahan ng Diyos. At ang lahat ng ito ay matatagpuan sa mensahe

ng mga propeta, sa mensahe ng Adventismo, at sa mga sulat ni Ellen White. Isang malaking kagalakan ang malaman na tayo ay may katiyakan, may kasiguraduhan, na tama ang ating pagkaunawa sa karakter ng ating Ama.

Ngayon, pansinin ninyo ang sinasabi sa (*Christ's Object Lessons*),

Sa kadiliman ng sanlibutan ay dapat sumikat ang liwanag ng Kanyang kaluwalhatian [o ng Kanyang karakter], ang liwanag ng Kanyang kabutihan, awa, at katotohanan.

Mahahalagang salita ang mga ito: kabutihan, awa, at katotohanan. Ngayon, pansinin ninyo,

**Ito ang gawaing inilarawan ng propetang Isaias sa mga salitang ito, "O Jerusalem, na nagdadala ng mabuting balita, ...**

At ito ang ebanghelyo. Kaya dito ay ipinapaliwanag ni Ellen White na ang karakter ng Diyos, ang katotohanan tungkol sa Kanyang karakter ang siyang mabuting balita. Ito ang mabuting balita ng kaligtasan.

**... itaas mo ang iyong tinig nang may kalakasan; ...**

Tayo ay tinatawag upang itaas ang ating tinig. At ipinapanalangin ko para sa inyong lahat, at para sa ating lahat, na maging matapang tayong itaas ang ating tinig. Sa kasalukuyang panahon, tila napakakaunti ng tunay na nagnanais na makilala ang katotohanan tungkol sa karakter ng Diyos, at kung minsan ay nakapanghihina ito ng loob. May mga araw na tayo ay lumuluha at nagtatanong kung bakit ang mga taong malapit sa atin at ang ating mga kakilala ay tila walang interes na pagnilayan ang napakagandang karakter ng ating Ama. Dahil dito, tayo ay nakararanas ng kalungkutan. Ngunit huwag tayong mawalan ng pag-asa. Lakasan natin ang ating loob at itaas natin ang ating tinig nang may katapangan, sapagkat kilala natin ang ating Diyos. Kilala natin kung sino Siya. At habang Siya ay ating pinagmamasdan, tayo ay unti-unting binabago. Tayo ay binabago

upang maging kawangis ng Kanyang magandang larawan.

Noong isang araw ay kausap ko ang ating minamahal na kapatid na si Daniel Bernhardt. Ikinuwento ko sa kanya na noong panahon ng aking pamamahinga, palagi kong iniisip ang krus na pinapasan ng ating Ama at ng Kanyang Anak. Kapag nalalaman mong ang iyong Ama ay nasa matinding pagdurusa, hindi ka na maaaring mamuhay para lamang sa iyong sarili. Hindi mo maialis sa iyong isip na ang iyong Ama ay nagdurusa. Hindi mo rin maalis sa iyong isip na halos buong sanlibutan ay naniniwala sa mga kasinungalingan tungkol sa Kanyang karakter, at kung gaano kasakit iyon para sa Kanya. Dahil dito, lalo kong nasasabi, “Ama, tulungan Mo lamang akong malaman kung ano ang dapat kong gawin. At Panginoong Hesus, hayaan Mo akong makipagpuyat na kasama Mo kahit sandali lamang sa paghahandog tuwing umaga at sa paghahandog tuwing gabi, upang makasama Ka at mapagbulayan ang dakilang pagdurusang handa Mong tiisin upang magkaroon kami ng panibagong araw ng buhay.’ Kaylaking kahulugan na ngayon ng Krus para sa atin sa liwanag ng pagkaunawang ito

At tayong lahat ay patuloy pa ring nakikipagbuno sa kawalan ng pananampalataya. Kung maihahambing ko ito sa mga langib ng kawalan ng pananampalataya, mga sugat na nagsisimula nang maghilom, ngunit mayroon pa ring mga langib na nagpapakita na tayo ay unti-unti pang lumalabas mula sa kadiliman. Ngunit makalalabas tayo. Ihahayag natin ang karakter ng ating Ama. Lalagyan Niya ng laman ang mga butong ito at hihipan Niya ang mga ito ng Kanyang Espiritu, sapagkat kilala natin kung ano ang Kanyang Espiritu at kung sino Siya. At tayo ay babangon na gaya ng isang hukbong may mga watawat, sapagkat ipinagkaloob na Niya sa atin ang kaharian sa pamamagitan ng kagandahan ng karakter ng Kanyang Anak.

Kaya nga, ganito ang sinasabi,

...Itaas mo ito, huwag kang matakot; sabihin mo sa mga lunsod ng Juda, Masdan ninyo ang inyong Diyos!

Ito ang ebanghelyo. Ano ang inyong minamasdan? Bahagi ng dahilan kung bakit nais kong patugtugin ang awiting iyon ay ang mga salitang: “Dumating na ang oras ng Kanyang paghuhukom.” Paano ninyo hinahatulan ang inyong Ama? Siya ba ay tunay na mapagkawanggawa? Siya ba ay tunay na maawain hanggang sa wakas? Siya ba ay hindi isang maninira, o Siya ba ay isang maninira? Sinusunog ba Niya ang Kanyang mga anak hanggang maging abo sa pamamagitan ng Kanyang sariling kamay, o hindi? Ito ang paghuhukom na ating kinahaharap sa kasalukuyan. Ang Kanyang gantimpala ay nasa Kanya. At ano ang Kanyang gantimpala? Ang Kanyang gantimpala ay ang Kanyang karakter.

Gaya ng sinabi ng Diyos kay Abraham, Ako ang iyong lubhang dakilang gantimpala. Genesis 15:1 Kaydakilang gantimpala nga iyon; ang magkaroon ng Kanyang karakter? Wala na akong hihilingin pa kundi ang magkaroon ng Kanyang karakter. Ito ang pinakadakilang kayamanang maaari nating hilingin o matamo.

Masdan ninyo, ang Panginoong Diyos ay darating na may kapangyarihan, at ang Kanyang bisig ang mamamahala para sa Kanya; Masdan ninyo, ang Kanyang gantimpala ay nasa Kanya, at ang Kanyang gawa ay nauuna sa Kanya.” Isaias 40:9–10.

Ang mga naghihintay sa pagdating ng Nobyo ay dapat magsabi sa mga tao, “Masdan ninyo ang inyong Diyos.”

At ito ang ating tungkulin. “Masdan ninyo ang inyong Diyos.” Ang ating Diyos ay katulad ni Hesus noong Siya ay narito sa lupa. Siya ay maamo at mapagpakumbaba. Hindi Siya gumawa ng karahasan, ni anumang panlilinlang ay nasumpungan sa Kanyang bibig. Siya ay mahinahon gaya ng isang kordero at banayad gaya ng isang kalapati. Ito ang ating Diyos. Pagkatapos ay sinasabi,

**Ang mga huling sinag ng maawaing liwanag, ang huling mensahe ng awa na ipagkakaloob sa sanlibutan, ay ang paghahayag ng Kanyang karakter ng pag-ibig.** (*Christ's Object Lessons*, p. 415.3-5)

At ito ang dahilan kung bakit ang website ng ating minamahal na kapatid na si Kevin Mullins ay tinawag na “Last Message of Mercy.” Kaugnay ito ng pahayag na ito. May isang mensahe ng awa na dapat ipahayag sa buong sanlibutan. Napakalaking pribilehiyo na ipinagkaloob sa iyo at sa akin na maging bahagi ng mensaheng ito. Maaaring maramdaman ng ilan sa atin na kakaunti lamang ang ating magagawa. Ngunit ang simpleng pagkaalam sa katotohanan, ang kakayahang manalangin, at ang paghahanap ng mga pagkakataong makapagbahagi, isang aklat dito, isang kard doon, isang link ng website dito o doon, isang panalangin para sa isang tao, unti-unti, ang mensaheng ito ay uusad at lalaganap.

Ngayon, ito ay lubhang kawili-wili, sapagkat napag-usapan na natin noon si Juan Bautista. Ilang ulit na rin natin siyang nabanggit, lalo na sa *The Desire of Ages*, pahina 215, kung saan sinabi ni Ellen White, at babanggitin ko ito nang mas detalyado mamaya, na hindi niya lubos na naunawaan ang karakter ng Diyos.

Ngayon, pansinin ninyo ito. Hindi ko alam kung naisip na ninyo ito dati, ngunit pagmasdan kung paano niya inilarawan ang kanyang kaugnayan kay Kristo, ang Mesiyas. Pansinin ninyo ang kanyang sinabi sa aklat ni Juan.

Kaya ang mga alagad ni Juan ay lumapit sa kanya at nagsabi, “Rabi, ang lalaking nakilala mo sa kabila ng Ilog Jordan, ang Isa na iyong kinilala bilang Mesiyas, ay nagbabautismo rin ng mga tao. At ang lahat ay lumalapit na sa Kanya sa halip na sa atin.”

Kaunting selos; isang bagay na palaging nangyayari sa gitna ng sangkatauhan.

Sumagot si Juan, “Walang taong makatatanggap ng anuman maliban kung ito ay ipagkaloob sa kanya ng Diyos mula sa langit. **Alam ninyo mismo kung gaano ko linaw na sinabi sa inyo, ‘Hindi ako ang Mesiyas.** [At pansinin ninyo ang kanyang sinabi] **Narito lamang ako upang ihanda ang daan para sa Kanya.’**

At pagkatapos ay may sinabi siyang kawili-wili.

**Ang lalaking ikinakasal ang siyang nagpapakasal sa nobya, at ang kaibigang tagapamagitan ay lubos na natutuwa lamang na makatayo sa tabi niya ...**

At hindi niya inilalarawan ang kanyang sarili bilang bahagi ng nobya, kundi bilang ‘kaibigang tagapamagitan’ na nakatayo sa tabi Niya. Matagal ko itong pinag-isipan, ngunit sa liwanag ng karakter ng Diyos, mas nagiging malinaw ito, sapagkat ang ‘kaibigang tagapamagitan’ ay saksi sa kasalan. Si Juan Bautista ay naging saksi sa katotohanang si Kristo ang Mesiyas. Siya ay saksi na “Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan.” Inihanda niya ang daan para sa Mesiyas. Ngunit ang kabuuan ng kanyang ministryo ay naipakakahulugan sa isang konteksto na iba sa tunay na katangian ni Hesus. Kaya naniniwala ako na dahil dito, sinabi ni Juan ang susunod niyang pahayag. Sinasabi,

at pakinggan ang Kanyang mga panata. Kaya’t ako ay puspos ng kagalakan sa Kanyang tagumpay. **Siya ay dapat lalong maging dakila nang dakila** [o Siya ay kailangang lumago, ayon sa salin ng King James], **at ako naman ay kailangang maging lalong mababa.** (Juan 3:26–30, NLT)

Ngayon, kung si Juan ay nasa kaharian, sasabihin sana niya, “habang si Kristo ay lalong nagiging dakila, ako rin ay lalong magiging dakila kasama Niya.” Ngunit ipinapakita niya ang isang kabaligtarang ugnayan, na si Kristo ay lumalago at siya naman ay humihina o bumababa. Siyempre, maaari natin itong unawain sa espirituwal na

diwa na ang ating likas na pagkatao ay humihina, samantalang si Kristo sa atin ay lumalago. Maaari nating ilagay sa ganitong pananaw ang kaisipan. Ngunit nananatili ang pangunahing punto, kung kailangang bumaba si Juan, at ang tinutukoy niya ay ang kanyang ministryo, kung gayon ang kanyang ministryo ay kailangang humina, sapagkat ito ay nakabalangkas, ayon sa *The Desire of Ages* p. 215 at maging sa mga Ebanghelyo, na ang palakol ay nakalagay na sa ugat ng puno at ikaw ay puputulin kung hindi ka magsisisi. May elemento ng paghatol sa kanyang mensahe. May elemento ng babala at pagbabanta sa mensaheng ipinahayag ni Juan Bautista. At ito ang dahilan kung bakit siya ay kailangang bumaba at kung bakit si Kristo ang kailangang tumaas.

Paano magiging lalong mababa si Juan kung ang kanyang pangunawa ay ganap na naaayon sa kaharian? Siya ay kailangang bumaba dahil sa kanyang hindi ganap na pagkaunawa.

At nais kong ipagpatuloy ang temang ito sapagkat lalo itong nagiging kawili-wili. Oo, narito ang sipi. At una, basahin natin ang Mateo 11:11, sapagkat ito ay natalakay na natin sa nakaraang presentasyon.

Katotohanang sinasabi ko sa inyo, sa mga ipinanganak ng mga babae ay walang sinumang lumitaw na higit kaysa kay Juan Bautista: gayunma'y **ang pinakamababa sa kaharian ng langit ay higit sa kanya.** (Mateo 11:11, KJV)

At gumawa ako ng pahayag na kung ito ay totoo, kung gayon si Juan Bautista ay wala pa nasa kaharian sa puntong ito. At narito ang kumpirmasyon mula sa *The Desire of Ages*, pahina 215, ikalawang talata.

Tulad ng mga alagad ng Tagapagligtas, **hindi naunawaan ni Juan Bautista ang kalikasan [karakter] ng kaharian ni Kristo.** Inaasahan niya na si Hesus ay uupo sa trono ni David; at habang lumilipas ang panahon, at ang Tagapagligtas ay hindi

nagpapakita ng pag-angkin sa kapangyarihang panghari, si Juan ay nagulumihanan at nabagabag. Ipinahayag niya sa mga tao na upang maihanda ang daan sa harap ng Panginoon, kailangang matupad ang hula ni Isaias; ang mga bundok at mga burol ay ibababa, ang mga liko ay itutuwid, at ang mga baku-bako ay papatagin.

At ipinapakita nito na kung hindi niya ito naunawaan, kung gayon ay wala pa siya nasa loob nito. Siya ay wala pa sa kaharian. Siya ay nagpatotoo sa pamamagitan ng pagsasabi, "Ito ang Kristo. Ito ang Mesiyas." Iyan ang kanyang gawain. Inihanda niya ang daan, inakay niya ang mga tao sa pagsisisi, at pagkatapos ay itinuro niya sila patungo sa Mesiyas. Ito ang kanyang tungkulin. Siya ay 'kaibigang tagapamagitan' ng kasintahang lalaki. Siya ay saksi sa katotohanan kung sino ang kasintahang lalaki. Ngunit sa puntong ito, hindi pa siya bahagi ng nobya. Siya ay wala pa sa kaharian.

At gaya ng sinasabi,

Inaasahan niya na ang matataas na dako ng kapalaluan at kapangyarihan ng tao ay ibabagsak. Itinuro niya ang Mesiyas bilang Isa na may hawak ng Kanyang palad, at lubusang maglilinis ng Kanyang giikan, na titipunin ang trigo sa Kanyang kamalig, at susunugin ang ipa sa apoy na hindi mapapatay.

Dito natin makikita ang isang elemento ng puwersa. Dito rin natin makikita ang isang elemento ng karahasan na ipinahahayag ni Juan Bautista. At pagkatapos ay sinasabi,

**Tulad ng propetang si Elias, na sa kanyang espiritu at kapangyarihan ay dumating sa Israel, inasahan niyang ipapahayag ng Panginoon ang Kanyang sarili bilang isang Diyos na sumasagot sa pamamagitan ng apoy.** (*The Desire of Ages*, p. 215.2)

At ating alalahanin sa aklat ni Lucas,

Ngunit hindi nila Siya tinanggap, sapagkat Siya ay *nagpasya* na pumunta sa Jerusalem. At nang makita *ito* ng Kanyang mga alagad na sina Santiago at Juan, sinabi nila, **“Panginoon, nais Mo bang mag-utos kami na bumaba ang apoy mula sa langit at tumupok sa kanila, gaya ng ginawa ni Elias?”** Ngunit Siya ay lumingon at sinaway sila, at sinabi, **“Hindi ninyo nalalaman kung anong uri ng espiritu ang nasa inyo. Sapagkat ang Anak ng Tao ay hindi naparito upang wasakin ang buhay ng mga tao, kundi upang iligtas sila.”** (Lucas 9:43–56)

Iba ang espiritong iyon. Ngunit sa espiritong ito, may patotoo sa katotohanan kung sino ang Mesiyas. At ito ang gawaing isinagawa nina Elias at Juan Bautista upang ihanda ang daan para sa pagdating ng Mesiyas, upang maipakilala Niya ang kaharian.

Ngayon, ipinagpapatuloy natin ang Mateo 11. At ngayon ay dumadako na tayo sa pinakapuso ng presentasyong ito.

“Katotohanang sinasabi ko sa inyo, sa mga ipinanganak ng mga babae ay walang lumitaw na higit pa kaysa kay Juan Bautista; gayunma’y ang pinakamababa sa kaharian ng langit ay higit sa kanya.

Ngayon, kapag nauunawaan natin ang katotohanan tungkol sa karakter ng Diyos, maaari nating tingnan ang pahayag na ito at makita na si Juan sa puntong ito ay wala pa sa kaharian. At sa ganitong konteksto, maaari na nating tingnan ang mga sumusunod na talata, at makikita natin ang isang bagay na lubhang kawili-wili. Sinasabi,

Mula sa mga araw ni Juan Bautista hanggang ngayon, **ang kaharian ng langit ay dumaranas ng karahasan, at kinukuha ito ng mga mararahas sa pamamagitan ng puwersa.** [At pagkatapos ay sinabi ni Hesus:] **Sapagkat ang lahat ng mga propeta at ang Kautusan ay nanghula hanggang kay Juan.** At kung handa kayong tanggapin *ito*, siya ang Elias na darating. Ang may mga

taingang nakaririnig, ay making!” (Mateo 11:11–15)

Sa ganitong kaparehong konteksto, sa konteksto ng karahasan, ngunit sapagkat ang karakter ng Diyos ay hindi gumagamit ng puwersa at hindi gumagamit ng karahasan, ang kaharian ng langit ay dumanas ng karahasan maging mula sa mismong mga propetang nagpapatotoo sa kaharian ng Diyos. Ito ay isang puntong kailangan nating pag-isipang mabuti at may pag-iingat.

**Tagapakinig sa Online:** Ang kaharian ng Diyos ay hindi sumusulong sa pamamagitan ng karahasan—sa halip, ito ay dumaranas ng karahasan—ngunit ito ay nagtatagumpay sa pamamagitan ng walang sawang pag-ibig.

**Pr. Adrian:** Ito ang puntong nais nating bigyang-diin dito. At kawili-wili, kapag binabasa ang karaniwang pagkaunawa sa mga talatang ito, makikita ang mga komentaryong gaya nito. Ito ay mula kay Adam Clarke sa kanyang komentaryo sa mga talatang ito.

Ang kaharian ng langit ay dumaranas ng karahasan—ang mga maniningil ng buwis at mga pagano, na inakala ng mga eskriba at mga Pariseo na walang karapatan sa kaharian ng Mesiyas, ay puspos ng banal na sigasig at taimtim na pananabik, at agad na inaangkin ang iniaalok na awa ng Ebanghelyo, kaya’t para bang sapilitang kinukuha nila ang kaharian ...

Kaya ipinapaliwanag ni Adam Clarke ang talatang ito; at ito rin ang paraan ng aking natutunan at ng itinuro sa akin; na ang mga taong masigasig at puspasang pumapasok sa kaharian ay, ayon sa kanyang paliwanag, tinatanggap ito “na parang sapilitan.” Ngunit hindi sinabi ni Hesus na “parang sapilitan.” Ang Kanyang sinabi ay “kinukuha ito sa pamamagitan ng puwersa.”

... mula sa mga dalubhasang guro na nag-aangkin ng mga pinakamataas na puwesto sa kahariang iyon. Si Kristo mismo ang

nagsabi, Ang mga maniningil ng buwis at mga patutot ay nauuna sa inyo sa kaharian ng Diyos. (*Adam Clarke Commentary*)

Iyan ang paliwanag ni Adam Clarke. Maging si Ellen White ay sumusunod din sa kahalintulad na linya ng pag-unawa nang kanyang sabihin sa *Life Sketches*,

Sa simula, ang gawain ay mabigat at mabagal. Ngayon ang panahon na dapat ay sama-samang pasanin ng lahat ang bigat at itulak ito pasulong. Kailangan nating sumulong, kahit ang Dagat na Pula ay nasa harapan natin, at ang matatarik na bundok ay nasa magkabilang panig. Ang Diyos ay sumasa atin at pinagpala Niya ang ating mga pagsisikap. Kailangan tayong gumawa sa pamamagitan ng pananampalataya. 'Ang kaharian ng langit ay dumaranas ng karahasan, at kinukuha ito ng mga mararahas sa pamamagitan ng puwersa.' Mateo 11:12 Tayo ay dapat manalangin, manalig na dinidinig ang ating mga panalangin, at pagkatapos ay kumilos. (*Life Sketches*, p. 298.1)

Maaari nating tingnan ang mga talatang ito sa ganitong paraan. Ngunit iminumungkahi ko na ito ay isang mababaw na pag-unawa lamang. Hindi ito mali, sapagkat kailangan nga nating maging masigasig, kailangan nating kumapit, at kailangan nating gawin ang lahat ng mga bagay na ito. Hindi mali ang sinasabi ni Ellen White. Ngunit sa liwanag ng karakter ng Diyos, maaari na nating tingnan ang mga talatang ito sa ibang pananaw.

Ngayon, babalik ako sa Mateo 11 kung saan sinasabi, "ang kaharian ng langit ay dumaranas ng karahasan, at kinukuha ito ng mga mararahas sa pamamagitan ng puwersa." Tiningnan ko ang mga salitang Griyego na "kinukuha sa pamamagitan ng puwersa." Sa Mateo 11:12, may dalawang salitang Griyego na ginamit dito, [ang una] ay tumutukoy sa pag-agaw, pagsunggab, o pagkuha. Ang ikalawang salitang Griyego naman ay tumutukoy sa kanya o sa bagay

na inilalarawan.

Mula sa mga araw ni Juan Bautista hanggang ngayon, ang kaharian ng langit ay dumaranas ng karahasan, at kinukuha ito ng mga mararahas sa pamamagitan ng **puwersa**.” [G726 G846] (Mateo 11:12)

Ngayon, kapag tinitingnan natin ang dalawang salitang Griyego na ito, hinanap ko ang dalawang salitang ito na ginamit sa mga talata sa Bagong Tipan. At pansinin ang konteksto. Sa Mateo 13, sinasabi,

Kapag ang sinuman ay nakarinig ng salita ng kaharian, ngunit hindi *ito* nauunawaan, dumarating ang masama at **inaagaw** [G726] ang inihasuk sa **kanyang** [G846] puso. Ito ang tumanggap ng binhi sa tabing-daan. (Mateo 13:19)

Kaya ang dalawang salitang iyon, ang pagsunggab o pag-agaw sa talatang iyon ay nasa negatibong konteksto, ito ay isang gawaing ginagawa ni Satanas. Sa Juan 6:15,

Kaya nga, nang mapansin ni Hesus na sila’y paparating na at nais Siyang agawin [G726] [G846] sa **pamamagitan ng puwersa** upang gawin Siyang hari, Siya ay muling umatras patungo sa bundok na Siya lamang mag-isa. (Juan 6:15)

Muli, ito ay nasa negatibong konteksto, hindi positibo. Sa Juan 10:12,

Ngunit ang upahang pastol, na hindi tunay na pastol at hindi nagmamay-ari ng mga tupa, ay nakikita ang pagdating ng lobo, at iniwan ang mga tupa at tumatakas; at **sinasakmal** [G726] [G846] **ng lobo ang mga tupa** at pinapangalat ang mga ito. (Juan 10:12)

Muli, ito ay nasa negatibong konteksto. Ang paggamit ng puwersa na inilalarawan dito ay nasa isang negatibong kalagayan. Sa Juan 10:28,

At binibigyan Ko sila ng buhay na walang hanggan, at kailanman ay hindi sila mapapahamak; Wala ring sinuman ang **makaagaw**

[G726] [G846] sa kanila mula sa Aking kamay. (Juan 10:28)

Muli, nangangahulugan ito ng hindi kayang gawin ang isang bagay, ito ay nagpapahayag ng pagtangga o kawalan ng kakayahan. Makikita rin ang ganitong paggamit sa Gawa 23:10,

Nang magkaroon ng matinding pagtatalo, natakot ang kumandante na baka pagpira-pirasuhin nila si Pablo. Kaya't iniutos niya sa mga kawal na bumaba, kunin siya sa pamamagitan ng puwer [G726] [G846] sa mula sa gitna nila, at dalhin *siya* sa himpilan ng mga kawal. (Gawa 23:10)

Sa pagkakataong ito, naging mabuti ang kinalabasan sapagkat naligtas ang buhay ni Pablo. Gayunman, kinuha siya sa pamamagitan ng puwersa at inilayo mula sa gitna nila. Kaya naman, kapansin-pansin ang pangyayaring ito.

May ilang talata kung saan ginagamit ang salitang ito sa positibong diwa. Gayunman, mapapansin natin na ang dalawang salitang Griyego ay pinaghihiwalay ng iba pang mga salita ayon sa konteksto.

Pag-ahon nila mula sa tubig, biglang **kinuha** [G726] ng Espiritu ng Panginoon si Felipe at inilayo siya, kaya't hindi na siya muling **nakita** [G846] ng eunuko; at nagpatuloy ang eunuko sa kanyang paglalakbay na may kagalakan. (Gawa 8:39)

Kaya, ang kilos na ipinahihiwatig ng unang salita at ng ikalawang salita ay talagang magkahiwalay. Bagama't positibo ang diwa nito, hindi ito katulad ng ating sinusuri, kung saan ang dalawang salitang Griyego ay magkasunod na magkasama. Makikita rin ito sa 1 Tesalonica 4:17,

Pagkatapos, tayong mga nabubuhay *at* natitira ay sabay na **kkunin** [G726] at iaakyat **kasama nila** [G846] sa mga ulap upang salubungin ang Panginoon sa himpapawid. At mula noon ay lagi na tayong makakasama ng Panginoon. (1 Tesalonica 4:17)

Kaya, hindi ito lubos na katulad ng inilalarawan sa Mateo 11:12. Itinuturo ko lamang ang dalawang talatang ito sapagkat maaaring may mga magbanggit ng mga ito. Kaya nais kong linawin agad na batid ko ang mga talatang ito. Gayunman, kapag sinuri ang mga ito, makikitang hindi magkatabing ginamit ang dalawang salitang Griyego, gaya ng makikita sa Mateo 11:12.

Samakatuwid, ang konteksto ng lahat ng mga talatang ito, kung saan magkatuwang na makikita ang kilos at ang paksa, ay pawang nagpapahayag ng negatibong diwa.

**Tagapakinig sa Online:** May ilang mga iskolar na inuunawa ang salitang “marahas” bilang isang talinghaga - na ang ibig sabihin ay masidhi at matatag na pagsisikap upang makamit ang isang layunin.

**Pr. Adrian:** Kapansin-pansin iyan, hindi ba? Dapat ba nating unahin ang talinghagang kahulugan, o ayon sa tuntunin ni Miller, dapat muna nating unawain ang literal na kahulugan at magbigay lamang ng talinghagang kahulugan kung hindi ito angkop sa konteksto? Ang aking ipinahihiwatig ay maaari nating tanggapin ang literal na kahulugan sa talatang ito.

“Katotohanang sinasabi Ko sa inyo, sa lahat ng ipinanganak ng mga babae ay wala pang lumitaw na mas dakila kaysa kay Juan na Tagapagbautismo; gayunman, ang pinakamababa sa kaharian ng langit ay mas dakila kaysa sa kanya. Mula sa mga araw ni Juan na Tagapagbautismo hanggang ngayon, **ang kaharian ng langit ay dumaranas ng karahasan, at ito ay inaagaw ng mga mararahas. Sapagkat ang lahat ng mga propeta at ang Kautusan ay nagpahayag ng propesiya hanggang kay Juan.** At kung handa ninyo *itong* tanggapin, siya ang Elias na nakatakdang dumating. Ang may pandinig ay makinig! (Mateo 11:11–15)

Dito natin makikita ang larawan na aking nakikita sa talatang ito. Binabanggit ng Panginoon si Juan na Tagapagbautismo at sinasabing,

“Wala nang lumitaw na mas dakila kaysa sa kanya.” Pagkatapos ay sinabi Niya, “ngunit ang pinakamababa sa kaharian ng langit ay mas dakila kaysa sa kanya.” Ipinahihiwatig nito na si Juan ay hindi pa ganap na kabilang sa kaharian sa panahong iyon; sa halip, siya ay nasa labas pa nito. Sa kontekstong iyon ay sinabi Niya, mula sa mga araw ni Juan na Tagapagbautismo hanggang ngayon, ang kaharian ng langit ay dumaranas ng karahasan. Bakit ito dumaranas ng karahasan? Sapagkat may sangkap ng karahasan ang mensaheng ipinangaral ni Juan. Kabilang dito ang paglilinis ng giikan at ang pagsusunog sa ipa sa pamamagitan ng apoy na hindi mapapatay. Ang ganitong mensahe ay hindi bahagi ng kaharian ng Diyos. Kaya nga masasabing ang kaharian ng Diyos ay dumaranas ng karahasan, sapagkat ang mensaheng ipinahahayag ni Juan ay may kaakibat na diwa ng karahasan.

Pagkatapos ay sinabi Niya, “sapagkat ang lahat ng mga propeta at ang Kautusan ay nagpahayag ng propesiya hanggang kay Juan.” Sa aking pagkaunawa, nangangahulugan ito na ang lahat ng mga propeta ay naglahad sa kanilang mga mensahe ng mga sangkap na may kaakibat na diwa ng karahasan. Ganito ko ngayon inuunawa ang talatang ito, at ito ang aking inilalahad sa inyo. Oo, maaari natin itong unawain bilang isang talinghaga at ipakahulugang masidhing pagsisikap na makapasok sa kaharian. Ngunit kung tatanggapin natin ang literal na kahulugan at susuriin ang teksto nang sunod-sunod, makikita natin na ang talagang sinasabi ni Hesus ay ang kahariang Kanyang ipinakikilala ay dumanas ng karahasan sapagkat mali ang paraan ng paglalahad nito ng lahat ng mga propeta. Hindi nila ito naipahayag nang wasto.

**Tagapakinig sa Online:** Dalawang Ebanghelyo: Ang Ebanghelyo ng Kaharian, ang ebanghelyong ipinangaral bago ang kamatayan at muling pagkabuhay ni Hesus. Ang Ebanghelyo ng Kaligtasan, ang ebanghelyong nagtuturo na ang tao ay naliligtas sa pamamagitan ng

biyaya ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya.

**Pr. Adrian:** Idaragdag ko rin na ang ebanghelyong ito tungkol sa karakter ng Diyos ay iisa na mula pa sa pasimula. Gayunman, gaya ng sinabi ni Pablo sa Roma 16:25, ito ay nanatiling nakatago hanggang sa dumating si Kristo. Kaya may nais akong ilahad sa inyo upang inyong pag-isipan tungkol sa Mateo 11:11–15. Ang mga talatang ito ay naging mahirap para sa akin na maunawaan. Halimbawa, ano ba ang kahulugan ng, ang kaharian ng langit ay dumaranas ng karahasan, at ito ay inaagaw ng mga mararahas?

Nabasa na natin na walang anumang pamimilit o karahasan sa kaharian ng Diyos. Wala itong anumang uri ng pamimilit. Kaya ang mga mararahas na nagsisikap na angkinin ang kaharian sa pamamagitan ng puwersa ay hindi pa tunay na kabilang sa kaharian ng Diyos. Ang sangkap na ito ay makikita sa mga mensaheng ipinahayag ng lahat ng mga propeta. Kaya nga kinailangan nating hintayin ang pagdating ni Kristo upang ganap na maihayag ang karakter ng Diyos.

Kaya inaasahan kong pag-isipan ninyo ito bilang isang ibang paraan ng pag-unawa kung bakit ito ay sinasabing dumaranas ng karahasan. Sapagkat sinasabi na ang kaharian ay dumaranas ng karahasan. Ibig sabihin, may ginagawa sa kaharian, at ito ay inaagaw ng mga mararahas sa pamamagitan ng puwersa. Kaya, gaya ng aking isinulat dito,

Ang kaharian ng langit ay dumanas ng karahasan sa pangangaral ng lahat ng mga propeta hanggang kay Juan. Ito ay sapagkat ipinangaral nila ang mensahe na ililigtas sila ng Diyos sa pamamagitan ng puwersa at lilipulin ang masasama sa pamamagitan ng puwersa.

Ngunit ipinahayag ni Hesus na hindi ito ang Kanyang karakter. At inihaharap ko sa inyo ang isang bagong paraan ng pag-iisip. Sa

palagay ko, batay sa aking mga nailahad tungkol sa kung paano ginamit ang dalawang salitang inaagaw sa pamamagitan ng puwersa sa Bagong Tipan, nakapaglatag tayo ng isang matibay na argumento. Gaya ng aking muling binanggit dito,

Ang mapanlinlang na kapangyarihan ni Satanas ay dapat sirain. Hindi ito maaaring gawin sa pamamagitan ng puwersa. Ang paggamit ng puwersa ay salungat sa mga prinsipyo ng pamahalaan ng Diyos; (*The Desire of Ages*, p. 21)

**Tagapakinig sa Online:** Lumilitaw na hindi maaaring sirain ang isang kaharian na itinayo sa pamamagitan ng karahasan.

**Pr. Adrian:** Oo.

**Tagapakinig sa Online:** Kaya, kung ang kaharian ng Diyos ay sinasabing dumaranas ng karahasan, nangangahulugan ito na ito ay napapahamak (sa isipan ng mga tao) dahil sa karahasan, at ang katotohanan tungkol sa karakter ng Diyos ay natatago.

**Pr. Adrian:** Oo, tama. Ito ang puntong aking nakikita sa talatang ito na ang kaharian ng Diyos ay dumanas ng karahasan mula sa mga maling pagkaunawa na ipinakikita ng mga tao tungkol sa karakter ng Diyos. Para sa akin, ito ay mas lohikal at mas malinaw na paliwanag. Tandaan na ang bahaging ito ay sinimulan sa pahayag na walang sinumang mas dakila kaysa kay Juan na Tagapagbautismo, ngunit ang pinakamababa sa kaharian ay mas dakila kaysa sa kanya. At ayon sa nauna nating binanggit, siya ay hindi pa kabilang sa kaharian. Sa ganitong konteksto, makikita natin na ang natitirang bahagi ng pahayag ay nagpapakita na ang kaharian ng Diyos ay dumanas ng isang prinsipyong marahas na nagmula kay Satanas.

Mas nagiging malinaw na ito ngayon. At ang mga tekstong ito ay mas maayos na magkakaugnay, kahit sa aking pag-unawa, mas maayos ang daloy ng kahulugan. Kaya't naipaliwanag nito at nalinawan ang

maraming bagay para sa akin.

Kapansin-pansin ito sapagkat sa pagdating ni Kristo, tila may malinaw na pagkakaiba. Mula pa sa panahon ni Juan at pabalik hanggang sa mga propeta, may umiiral na maling pagkaunawa. Ngunit nang dumating si Kristo, nagkaroon ng bagong pagkaunawa. May mga nagsisikap iugnay ang pagkakaibang ito sa dalawang tipan, na ang isa ay ang lumang tipan at ang isa ay ang bagong tipan. Ngunit hindi nito ganap na nauunawaan ang punto, at nalilito nito ang tunay na isyung tinatalakay. Sapagkat gumagawa pa rin ang Diyos sa pamamagitan ni Juan na Tagapagbautismo, kay Moises, at kay Elias. Siya ay nagpakababa upang makipag-ugnayan sa mga taong ito ayon sa antas ng kanilang pang-unawa.

Hindi si Kristo naparito upang baguhin ang anumang nasa Kautusan, kundi upang ilagay ito sa tamang konteksto at upang pigilan itong dumanas ng karahasan. Gayunman, kalunos-lunos na matapos umakyat si Kristo sa langit, sa loob lamang ng maikling panahon, ang pananampalatayang Kristiyano ay muling naging dahilan upang ang kaharian ng Diyos ay dumanas ng karahasan. Kaya natin nakikita sa Daniel kabanata 7 na nang ang Anak ng Tao ay humarap sa Nakaraang mga Araw, na naganap sa katapusan ng 2300 na taon, doon Niya tinanggap ang kaharian. Sapagkat nagpatuloy ang pagdanas ng karahasan ng kaharian, kahit matapos patunayan ni Hesus ang katotohanan tungkol sa karakter ng Diyos. Ang tao ay nabulag, at ipinikit niya ang kanyang mga mata. Sa loob pa ng humigit-kumulang 1800 taon, ang kaharian ng Diyos ay patuloy na dumanas ng karahasan. Ngunit ngayon, may dumating na mensahe. Ngayon, may dumating na mensahe. Pumasok tayo sa kaharian. Hawakan natin ito.

**Tagapakinig sa Online:** Paano mo ipaliliwanag ang bahagi na ang mararahas ay inaagaw ito sa pamamagitan ng puwersa?

**Pr. Adrian:** Sila ay kumakapit sa kaharian. Ngunit tulad ni Juan na Tagapagbautismo, gaya ng aking nauna nang sinabi, hindi pa siya ganap na nasa kaharian. Kinakapitan niya ito, ngunit hindi siya lubos na nakapasok dito hanggang sa huling bahagi. Kaya't isa itong mabuting tanong.

Sinabi rin ni Hesus sa Mateo 24, "Marami ang magsasabi, Ako ang Kristo, at ililigaw nila ang marami." Gaya rin ng sinabi ni Pablo sa 2 Corinto kabanata 5, na noong una ay nakilala natin si Kristo ayon sa makamundong pananaw. Binabanggit din ng Bibliya ang tungkol sa trigo at mga panirang damo na sabay na tumutubo sa iglesya. Ang iglesya ay binubuo ng mga tao, ang ilan ay mas malapit sa kaharian, at ang iba naman ay hindi pa lubos, ngunit sila ay bahagi pa rin ng iglesya. Kaya't sinasabi na ang kaharian ng Diyos ay dumaranas ng karahasan sapagkat ang Diyos ay nakikipagtagpo sa atin kung nasaan tayo. Hindi Niya ipinagbabawal ang ating pagpasok sa iglesya dahil sa ating mga maling pagkaunawa, sapagkat ang iglesya ay parang ospital para sa mga makasalanan. Pumapasok tayo na may dalang mga maling pagkaunawa, at sa simula, para bang inaangkin natin ito sa pamamagitan ng puwersa. Ngunit sa bandang huli, natutuklasan natin ang katotohanan tungkol sa karakter ng Diyos.

**Tagapakinig sa Online:** Maaari rin ba nating sabihin na ang kaharian ng Diyos, sa kasamaang-palad, ay kinakailangang malantad sa karahasan o magdusa ng karahasan, dahil iyon ang ating pagkaunawa bago dumating si Kristo?

**Pr. Adrian:** Tama. Ito ang mismong punto.

**Tagapakinig sa Online:** Hindi ito kinukuha. Ito ay hinihiling, at ito ay ibibigay.

**Pr. Adrian:** Oo, itanong ninyo. Sa aking huling presentasyon; tinalakay ko ang prinsipyo ng binhi na ang kaharian ng langit ay tulad ng isang binhi na dahan-dahang lumalago sa puso. Hindi natin ito

kailangang kunin sa pamamagitan ng puwersa. Gayunman, pinahihintulutan ng Diyos na tila ito ay inaagaw sa dating pagkaunawa ng lumang tipan. Pinapayagan Niya tayong pumasok sa iglesya kahit dala natin ang mga maling pagkaunawa tungkol sa Kanyang karakter. At ang trigo at ang mga panirang damo ay sabay na tumutubo sa loob ng iglesya. Pagkatapos, may mga nalilinis at unti-unting naaakay sa tamang pagkaunawa.

**Tagapakinig sa Online:** Ang mararahas ay inaagaw ito sa pamamagitan ng puwersa ay hindi tumutukoy sa pananakit sa iba. Ito ay tumutukoy sa matindi at buong-pusong pagsuko na hindi nagpapahintulot na ang takot, kapalaluan, o relihiyon ang humadlang sa pagpasok sa buhay ng Diyos.

**Pr. Adrian:** Iyan ang talinghagang pag-unawa. Ngunit alam natin na ang simbahang Kristiyano ay nagtuturo ng isang prinsipyong may diwa ng karahasan. At tayong mga naniniwala sa mapagmahal na karakter ng Diyos ay sinabihan, ako mismo ay sinabihan, na ako raw ay magdurusa sa impiyerno dahil sa aking itinuturo. Isa itong marahas na kaisipan. Tiyak na ang ilan sa inyo ay nakaranas din ng ganitong mga sinabi.

Ibig sabihin nito, ang mga taong nagsasabing sila ay nasa iglesya ay may mga kaisipang may diwa ng karahasan, at inilalarawan nila ang kaharian ng Diyos sa pamamagitan ng karahasan, at ito rin ang paraan ng kanilang pag-angkin dito. Kaya naman, dahil sa ang Espiritu ng Propesiya ay nagpapakita ng elementong pag-angkin sa kaharian nang may pagsisikap at katapatan, maaari itong basahin sa ganoong paraan. Gayunman, iminumungkahi ko sa inyo na may mas malalim at mas mainam na paraan ng pag-unawa rito, at ito ay nakatutulong upang magkaroon tayo ng mas malinaw na pagkaunawa tungkol sa kaharian ng Diyos. Isa pang puna.

**Tagapakinig sa Online:** Tila para sa akin, na sa pahayag na “ang kaharian ng Diyos ay dumaranas ng karahasan,” ang Diyos mismo ay

dumaranas din ng karahasan.

**Pr. Adrian:** Tama. Siya ay dumaranas ng karahasan. Paano para sa ating Ama, na tumutupad sa Kanyang sariling mga utos, hindi kailanman nanira ng sinuman o pumatay ng sinuman, na magkaroon ng mga tagapangaral sa mga simbahang Kristiyano na nagsasabing ang Diyos ang sisira sa mga taong ito at ang Diyos ang papatay sa mga iyon? Ito ay nagdudulot sa Kanya ng sakit at matinding kalungkutan ang harapin ito, ngunit kusa Niya itong tinitii. Sapagkat hindi Siya gumagamit ng puwersa, hindi Niya itinataboy ang mga tao sa iglesya dahil lamang sa kanilang maling pagkaunawa. Siya ay nakikibahagi at nakikidalamhati sa atin.

**Tagapakinig sa Online:** Ang mga sistemang nakabatay sa takot ay marahas na tumutugon kapag inilalantad sila ng pag-ibig.

**Pr. Adrian:** Oo. Napakaganda.

**Tagapakinig sa Online:** Purihin ang Diyos kapag tayo ay nagsisi/*metanoia*; nagbago ng isipan, at sumampalataya sa ebanghelyo. Tayo ay agad, magpakailanman, at walang hanggang naliligtas.

**Pr. Adrian:** Oo, iyan ang salita, hindi ba? Magsisi, magkaroon ng metanoia, magbago ng kaisipan, magsisi sa ating dating pagkaunawa na ang Diyos ay gumagamit ng karahasan. Ito ay isang napakahalaga at napakahalagang prinsipyo.

Kaya, sa pagtatapos,

- Ang Kaharian ng Langit ay isang kaharian ng karakter ng pagkatao. (Tayo ay tinatakan ng pangalan ng Ama, gaya ng sinasabi sa Pahayag 14:1.)
- Si Kristo ay naparito upang ihayag ang karakter na ito. (Siya lamang ang nag-iisa sa buong sansinukob na makagagawa nito.)

- Ito ang mabuting balita o ebanghelyo. Isaias 40:9–10
- Hindi ganap na naunawaan ng mga propeta ang karakter ng Diyos
- Kaya naman, ang lahat ng mga propeta ay naging dahilan upang ang kaharian ay dumanas ng karahasan.
- Kaya naman, kinailangan na unti-unting humina ang pagpapahayag nina Juan at ng lahat ng mga propeta tungkol sa karakter ng Diyos, habang ang paghahayag ni Kristo ay kailangang lalo pang lumakas at luminaw.
- Gayunman, ibinatay ni Kristo ang lahat ng Kanyang sinabi sa mga propeta, ngunit inilagay Niya ito sa tamang pag-unawa ng karakter ng Diyos.

Sa katulad na paraan, masasabi ko rin sa inyo na marami sa atin ay lumaki sa Adventismo, pinalaki sa Bibliya at sa Espiritu ng Propesiya, ngunit ang iglesyang aking kinamulatan ay kumuha ng maraming prinsipyo na inihayag bilang katotohanan at inilagay ang mga ito sa maling balangkas ng pag-unawa. Gayunman, nakikita natin na ang parehong mga kasangkapan at mensahe mula 1844 hanggang 1888 at hanggang 1915 ay maaaring maghatid ng ganap na naiibang pag-unawa. Ito rin ang ginawa ni Kristo sa gawain ng mga propeta. Pansinin ang sinabi ni Juan, at ito rin ang aking palagay na ipinahihiwatig ni Hesus.

- Hindi ako sumusulat ng bagong utos, ngunit may sinusulat akong bagong utos. 1 Juan 2:7–8 (Hindi ko binabago ang mga bagay na isinulat ng mga propeta; gayunman, para bang binabago ko ito sapagkat ipinapakita ko ang parehong nilalaman sa ibang balangkas ng pag-unawa. Para akong naglalagay ng bagong alak sa mga bagong sisidlang-balat, hindi bagong alak sa lumang sisidlang-balat.)

- Ang Lumang Tipan ay nangangailangan ng bagong sisidlan o bagong paraan ng paglalagay at pagpapahayag.

Ito ang aking nakikita. Kaya't nananalangin ako na ito ay naging pagpapala sa inyo. Bahagi ito ng aking pananaliksik na isinasagawa at inihaharap tungkol sa mga aklat ng Josue at mga Hukom. Nais ko pang mas masusing saliksikin ang paksang ito. At ngayon, sa palagay ko, maaari na nating ipaliwanag ang Mateo 11:11–15 at bigyan ito ng mas malalim na kahulugan kung ano ang ibig sabihin ng ang kaharian ng Diyos ay dumaranas ng karahasan.

Kaya, maraming salamat sa inyong lahat sa pakikinig. Natutuwa ako na nakasama kayo. Ako ay luluhod, at pagkatapos ay magtatapos tayo sa panalangin.

### **Pangwakas na Panalangin:**

Ama namin sa langit, muli akong nagpapasalamat sa aking mga mahal na kaibigan at pamilya sa buong mundo. Salamat na maaari naming pag-aralan ang Bibliya nang sama-sama. Idinadalangin ko na ang mga kaisipang ito ay magbigay-sigla sa aming mga isipan at maitanim namin ang mga puntong ito na tunay. At kung may anumang dumi o hindi wasto sa mga nasabi, nawa'y matuklasan namin ito at maalis.

Ama, idinadalangin namin na maalis sa amin ang diwang marahas. Nawa'y tumigil kami sa maling paglalahad ng kaharian, hindi lamang sa aming mga sinasabi kundi pati sa aming mga gawa. Lahat kami ay lubos na naghahangad, Ama, ng kapayapaang lampas sa lahat ng pag-unawa. Hinahangad namin ang kapanatagan sa gitna ng pag-uudyok, at ang pagiging tahimik kapag kami ay inaapi. Marami sa amin, karamihan sa amin, ay nagkulang kapag kami ay pinukaw ng galit, hinamon, o tinawag na hangal. Kadalasan ay kami ay natukso na gumanti o magsalita ng masasakit na salita. Pinagsisisihan namin ang mga bagay na ito, Ama.

Nanalangin kami, Panginoon, para sa Iyong Espiritu at sa Iyong kapanatagan. Nagtitiwala kami na Iyong tatapusin ang gawaing sinimulan Mo sa amin. Hindi namin ito kayang gawin sa aming sarili, ngunit maaari naming pagmasdan Ka, at kami ay mababago, na naniniwalang babaguhin Mo kami at tutulungan Mo kami.

Nagpapasalamat kami sa Iyo, Ama, sa pangalan ni Hesus. Amen.

# ANG KAHARIAN NG DIYOS AY NAGDURUSA NG KARAHASAN

Ano ang ibig sabihin ni Hesus nang Kanyang sabihin:

Mula sa mga araw ni Juan na Tagapagbautismo hanggang ngayon, ang kaharian ng langit ay dumaranas ng karahasan, at ito ay inaagaw ng mga mararahas. Sapagkat ang lahat ng mga propeta at ang Kautusan ay nagpahayag ng propesiya hanggang kay Juan. At kung handa ninyong tanggapin ito, siya ang Elias na nakatak dang dumating. Mateo 11:12-14

May ilan na nakaunawa nito bilang pahayag tungkol sa tindi ng pagsisikap ng bayan ng Diyos sa pagpasok sa kaharian ng Diyos. Ngunit sa liwanag ng karakter ng Diyos, nauunawaan natin na ang mga anak ng Diyos ay hindi gumagamit ng puwersa o karahasan.

Si Juan na Tagapagbautismo ang pinakadakila sa mga propeta, ngunit hindi pa rin niya ganap na naunawaan ang karakter ng Diyos gaya ng inihayag ni Hesus sa talatang ito:

Katotohanang sinasabi Ko sa inyo, sa lahat ng ipinanganak ng mga babae ay wala pang lumitaw na mas dakila kaysa kay Juan na Tagapagbautismo; ngunit ang pinakamababa sa kaharian ng langit ay mas dakila kaysa sa kanya. Mateo 11:11

Ipinahayag ni Hesus na si Juan ay hindi pa kabilang sa kaharian sa puntong ito, at ito ang dahilan ng kanyang pag-aalinlangan kung si Kristo nga ba ang Mesiyas. Bilang resulta, ang kaharian ng langit na itinuro ni Juan at ng lahat ng mga propeta ay nahaluan ng diwang karahasan, na ang ibig sabihin ay lilipulin ng Diyos ang Kanyang mga kaaway. Kaya't ang kaharian ng Diyos ay napasailalim sa katuruan at gawi ng karahasan. Ngunit sa paghahayag ni Kristo, ang karahasang ito ay hindi na kailangang magpatuloy.